Mga Ibang Pagkakataon

Ang SDUSD ay nagkakaloob ng mga karagdagang makabagong K-12 paaralang programa upang maibigay ang mga araling pangangailangan ng inyong anak. Ang mga sumusunod ay mga pamimiliang paaralang napipisil kabilang ang pag-aaral sa tahanan, gitnang paaralan, at mga programa sa maliliit na paaralan. Magbigay ng aplikasiyon sa mga programang ito sa paggamit ng aplikasiyong School Choice na nasa likod ng katalogo, maliban kung may nakasulat sa ibaba (sumangguni sa Mt. Everest Academy at San Diego Early/Middle College para sa mga kailangan sa pagpapalista). Ang pagpapalista ay sa pamamagitan ng programang Open Enrollment (tunghayan sa pahina 23), at ang sasakyang maghahatid ay hindi ipinagkakaloob.

Crawford High 9-12 Educational Complex

4191 Colts Way, San Diego, CA 92115 • (619) 583-2500

Ang **Crawford High** complex ay nakabahay sa apat na maliliit, nagsasariling mga paaralan, bawa't isa na may kaniyang sariling tema ng karera:

Invention & Design Educational Academy (IDEA)

http://www.sandi.net/hsrenewal/sm_schools_idea.html

Magmula sa mga sasakyan hanggang sa lasers hanggang siper, mula sa panahong ang unang tao ay pumulot ng bato upang gamiting martilyo o ang patpat upang gumuhit sa buhangin, ang mga tao ay nag-iimbento at bumabalangkas ng mga bagong bagay upang gawin ang kanilang buhay na higit na mabuti, nasisiyahan, at makatuturan. Ang Invention and Design Educational Academy (IDEA) ay nagbibigay sa mga mag-aaral ng pansariling mga pagkakataong tumuklas sa pagiging inhenyero at sining na may kinalaman sa sasakyang mga kakayahan sa praktikal na kapaligiran. Ang sertipikong NATEF ay nagpapahintulot sa mga mag-aaral sa na may kinalaman sa auto na tumanggap ng puntos sa kolehiyo gayundin sa pagiging karapatdapat sa pagpasok sa mga pambansang trabaho. Ang programang pang-inhenyero ay sertipikado sa pamamagitan ng Project Lead The Way, na itinataguyod ng San Diego State University.

Paaralang Community Health and Medical Practices (CHAMPS)

http://www.sandi.net/hsrenewal/sm_schools_champs.html

Ang pananaw ng CHAMPS ay ang makapagtapos ang mga mag-aaral ng sariling kaganapan, nagkaroon ng pagsasanay para sa magulang na pamumuhay sa pamamagitan ng kurikulum sa kalusugan, kabilang ang Mediversity, Anatomy and Physiology, at Biotechnology. Ang mga mag-aaral ng CHAMPS ay nagiging tagapagtaguyod para sa kanilang sariling hinaharap sa pagpapalista sa AVID at maraming kursong AP. Kami'y nagsasanay na may pangako, pamumuno sa sambayanan habang inihahanda ang aming mga mag-aaral para sa kolehiyo.

School of Law & Business

http://www.sandi.net/hsrenewal/sm_schools_craw_law.html

Ang binibigyang-diin ng School of Law and Business ay an ihanda ang lahat ng mag-aaral na karapardapat sa isang apat na taong kolehiyo/unibersidad sa pamamagitan ng pagkilala sa mga pangkalakal na gawain, mga pagkakataong pagpapairal ng legal at batas at mga karera. Ang mga karanasan sa tunay na mundo ay kabilang ang maikling paglalakbay, pagkilala sa mga pangkalakal na gawain, pagsasanay sa trabaho at paglibot sa kolehiyo. Ang mga guro at mag-aaral ay may kapangyarihang gumawa sa pagsasamahan ng mga magulang at ng legal, nagpapairal ng batas at sambayanang mangangalakal. Ang mga makabuluhang pagkakataon sa pag-aaral ay nag-uugnay sa kasalukuyang mga karanasan sa hinaharap na mga adhikain at nagbibigay ng tunay, masinsinang kurikulum at pagtuklas ng karera.

Multimedia and Visual Arts School (MVAS)

http://www.sandi.net/hsrenewal/sm_schools_craw_arts.html

Maligayang pagbati mula sa nakaka-agting na larangang bidyo, mga sining sa pangmalas, pagbalangkas sa kompyuter at graphic. Ang MVAS ay nagbibigay ng isang pambihirang pag-aaral na mga aralin sa buong kurikulum. Ang mga mag-aaral ay inilalantad sa tunay na mundo sa pamamagitan ng mga pagsasanay, pagkilala sa mga trabaho at maikling paglalakbay. Mga pambihirang mga gusali sa MVAP kabilang ang makasining na laboratoryong kompyuter, gusaling puno ng mga kagamitan at pambihirang panlabas na estudyo sa sining. Ang mga mag-aaral din ay may isang pagkakataong mapagyaman ang kanilang mga buhay sa pagsali sa buong paaralang mga gawain, palakasan at mga samahan.

Innovation 7-8 Middle School (iMiddle)

5095 Arvinels Avenue, San Diego, CA 92117 • (858) 278-5948
http://www.imiddle.org

Binibigyang-diin ang pag-aaral sa Innovation Middle School ay Science, Technology, Engineering & Mathematics (STEM). Itinataguyod sa paaralan ang pinaliit na bilang sa klase, isang masinsinang araling kurikulum, at tekholohiya ng ika-21 Siglo. Sa mga proyekto kabilang ang Podcasts, WebQuests, pakikipagpanayam sa bidyo, at paglikha ng bidyo, ang laptap para sa bawa't mag-aaral, yamang laan na makukuha sa paggamit ng kompyuter, at kasiyahang digital. Ang mga mag-aaral ay unang natututo at nangunguna sa paggawa at masiglang sumasali sa mga pamaraang pag-aaral. Ang mga mag-aaral ay inaasahang lumutas ng praktikal, tunay na mundong problema at isagawa ang teknolohiya upang matugunan ang mga Pamantayan para sa Pag-aaral ng California. Ang mga matalino at nagtutulungang mga kawani ay naghahanap upang payabungin ang susunod na henerasiyong mga pinuno ng agham at matematika.

MAGPALISTA NGAYON!
Ang mga aplikasiyon ay dapat
na naibigay sa pagitan ng panahong
ika-1 ng Nobyembre at ika-15 ng Pebrero

Lincoln High 9-12 Educational Complex

4777 Imperial Avenue, San Diego, CA 92113 • (619) 266-6500
http://lincolnhighsd.net/hornets/

Ang gusaling **Lincoln High** ay binabahay ang apat na maliliit, nagsasariling mga paaralan, bawa't isang kasama ang kaniyang sariling tema:

Center for Social Justice (9)

Upang magawa ang isang matagumpay na paglipat sa mataas na paaralan, ang Lincoln ay lumikha ng Center for Social Justice, isang maliit na paaralan sa loob ng isang paaralan, para sa lahat ng nais pumasok na mag-aaral sa ika-9 na baitang. Ang mga mag-aaral ay sumasali sa masinsinan, kursong naghahanda ng mga aralin para sa kolehiyo na nabalangkas na pahabain ang mapanuring kaisipang lumalampas batay sa pamantayan ng kurikulum. Sa karagdagan, ang mga guro ay itinatanim sa kaisipan ang mga usaping Social Justice (i.e., katarungan, sistemang legal, pagkakaiba, pagtangkilik, kapangyarihan ng mag-aaral, Masugid, atbp.) sa buong pangkalahatang programa sa pag-aaral.

Center for Public Safety (10-12)

Ang Center for Public Safety ay nagbibigay sa mga mag-aaral na may hilig sa pagpapairal sa batas, apoy, pagsagip, at pagtugon sa biglang pangangailangan ng isang pagkakataong matuto mula sa mga tagapagturo na mga dalubhasa sa naturang larangan. Kahit na ang paaralan ay nakatutok sa pagbigay ng karunguan sa larangan sa biglang pangangailangan, ang mga mag-aaral sa paaralan ay sumasali rin sa isang masinsinang kurkulum na A-G at inihahanda sa pagpasok sa isang apat na taong kolehiyo.

Center for Science and Engineering (10-12)

Ang Center for Science and Engineering ay nag-aalok ng tunay na paggawa, batay sa proyektong pag-aaral at isang masinsinang kurkulum na A-G. Ang mga mag-aaral ay nagtutulungang tumuklas, umunawa, at dalhin ang mga agham sa pangunguna. Ang mga mag-aaral sa ika-10 –ika12 baitang na mahilig sa mga karerang Engineering, Architecture, Biotechnology, at Medial ay hinihikayat na magbigay ng aplikasiyon.

Center for the Arts (10-12)

Sa karagdagang mga kursong magkakasunod na araling kailangan sa paghahanda sa kolehiyo, ang Center for the Arts ay nag-aalok ng mga pagkakataong sumali sa pambihirang mga klase sa sining sa paningin at/o pagganap. Ang mga kurso ay kabilang ang pagsayaw, koro, pagganap, pagguhit, pagpinta, seramik, medya na digital at pagbalangkas, teatrong teknikal, orkestra, at banda.

Memorial 6-8 Preparatory School for Scholars and Athletes

2850 Logan Avenue, San Diego, CA 92113 • (619)231-8581
http://www.sandi.net/memorialprep/

Nag-aalok ang **Memorial Prep** ng isang mapaghamong araling programang may kasamang pagpansin sa paglinang sa pangkatawan at panlipunang paglaki ng bawa't mag-aaral. Ang paaralang 6-8 ay naglilingkod bilang tulay mula elementarya hanggang mataas na paaralan sa pagkakaloob ng isang mapaghamong kursong pag-aaral sa isang matiwasay, nangangalagang kapaligiran.

Matatagpuan sa isang maraming paaralang lugar sa tinitirhang pook ng Memorial, ang paaralan ay nag-aalok ng dalawahang paksa sa paglalarong interskolastik at malakas na paghahandang pag-aaral, kabilang ang isang pandaigdigang wikang kailangan sa bawa't antas na baitang at pagbibigay-diin sa Foreign Language and Global Studies (FLAGS). Ang pagtuturong programa ay tungkol sa tatlong-taong "matagumpay na programa" kabilang ang Advancement Via Individual Determnation (AVID), kakayahan sa pinagsamang word processing/technology, at palakasang pangkalusugan.

Mt. Everest Academy K-12 Programang Pag-aaral sa Tahanan

4350 Mt. Everest Boulevard, San Diego, CA 92117 • (858) 496-8778
http://www2.sandi.net/mteverest

Ang **Mt. Everest Academy** ay isang paaralan ng buong pinagyamang atypical na naglilingkod sa baitang K-12. Ang paaralang programa ay tumutulong sa mga magulang na nagnanais na matuto ang kanilang anak sa bahay sa paggamit na pinagtibay ng estadong kurikula, kasama ang karagdagang suporta, patnubay at pangangasiwa ng may titulong mga guro. Ang mga mag-aaral ay tumatanggap ng puntos sa pamamagitan ng pagtapos ng gawaing ibinigay sa pamamagitan ng kasunduang Independent Study na nilagdaang ng mag-aaral, magulang, at guro.

Ang mga ilang katangian ng paaralang nakalaan na tulungan ang mga mag-aaral ay kabilang: isang makabagong laboratoryo ng kompyuter na may programa para sa pag-aaral at paggamit ng Internet, isang laboratoryo ng agham na may mga kasangkapan, gusali at silid-aklatan para sa mga mag-aaral at magulang, lingguhang klase sa laboratoryo at pagtuturong suporta sa grupong nag-aaral, musikang programa sa K-12, at mga kurso para sa Advanced Placement. Sa pagpapalista, pakiusap na tawagang ang paaralan.

Pacific Beach 6-8 International Baccalaureate World School

4676 Ingraham Street, San Diego, CA 92109 • (858) 273-9070
http://pbmiddle.sandi.net/

Ang **Pacific Beach Middle International Baccalaureate (IB) World School** ay naghahanda ng mga mag-aaral na makilala ang mga mundong usapin sa pamamagitan ng masinsinan, tunay, batay sa proyektong kurikulum. Ang pambihirang kaayusan ng Bahay ay nagbibigay ng pinahabang oras para sa pag-aaral, gayundin sa Wika, Sining, at Balangkas na Teknolohiya. Mga karagdagang pag-aalok ay kabilang: pagtalakay sa World Café, programang GATE at Seminar, paligsahang palakasan, bukod sariling pagkokompyuter, mga panayam sa pamumuno ng mag-aaral, pangangampanya at mga gantimpalang paglilingkod, paggawa ng bidyo, at pagpanayam sa bidyo.

San Diego Early/Middle College 9-12 High School

1313 Park Blvd., T-112D, San Diego, CA 92101-4712 • (619) 525-2000

Nakaluklok sa paaralan ng San Diego City College, ang **San Diego Early/Middle College** ay naglinglingkod sa mga mag-aaral na naghahanap ng hindi kinaugaliang karanasang mataas na paaralan sa isang maliit, pansariling kapaligirang pag-aaral. Ang maagang pangkolehiyong programa ng paaralan ay nagbibigay sa mga mag-aaral na pumapasok sa ikasiyam na baitang ng pagkakataon at suporta upang kumuha ng isang diploma sa mataas na paaralan at hanggang dalawang taon sa kolehiyo (na walang karagdagang bayad sa kanilang pamilya) sa limang taon o wala pa. Ang gitnang kolehiyong programa ng paaralan ay nagsisilbing maliwanag, mga may kakayahang mag-aaral ng ika-11 at -12 baitang na nagpakita ng kanilang nakaraang kakayahan sa pag-aaral at lumalaki sa isang maliit na gitnang kolehiyong kalagayan. Sa karagdagan sa pagbuo ng isang aplikasiyon sa School Choice, ang mga mag-aaral ay dapat bumuo ng isang aplikasiyon sa San Diego Early/Middle College. Pagkatapos suriin ang mga aplikasiyon at transkrip ng mga mag-aaral, ang mga paaralang kawani ay magbibigay ng pagtatanong sa mga mag-aaral upang alamin kung ang paaralang ito ang pinakamabuting piniling paaralan para sa bawa't mag-aaral.

San Diego Metropolitan Regional Career and Technical High School 9-12 Pakinabang na Pag-aaral Para sa Kolehiyo

7250 Mesa College Drive, Rm. F258, San Diego, CA 92111
(619) 388-2299

Ang S**an Diego Met** ay isang kolehiyong paghahandang mataas na paaralang nakaluklok sa paaralan ng Mesa Community College. Ang misyon ng San Diego Met ay upang ihanda ang mag-aaral sa isang panahon para sa kolehiyo at sa hanapbuhay sa masigasig na pag-aaral, naghahamon at masinsinang mga aralin, at malawak na pakikilahok ng magulang at sambayanan. Ang mga mag-aaral ay may pagkakataong magtapos na may isang mataas na paaralang diploma, karanasang pagsasanay, at halos 50 kolehiyong mailipat na puntos. Ang programang aralin ng Met ay tinutugunan ang mga hinihiling sa distritong pagtatapos at mga kailangang kurso (A-G) para sa pagtanggap sa sistemang UC at CSU.

Pagpapalista sa Loob o sa Labas ng Distrito

Ang napagtibay na **Interdistrict Attendance Permit** ay kailangan ng mga mag-aaral na nasa labas ng distrito na nagnanais na pumasok sa paaralan ng San Diego Unified at para sa naninirahan ng San Diego na nais pumasok sa isang paaralan ng ibang distrito.

- Ang mga mag-aaral na naninirahan ng San Diego ay maaaring makakuha ng pahintulot na ito sa tanggapan ng Enrollment Options, Eugene Brucker Education Center, Annex 7-B o sa pagtawag sa (619) 725-5672.
- Ang mga mag-aaral sa labas ng distrito ay dapat kumuha nitong pahintulot at magsimula sa tanggapan ng kanilang distritong panggagalingan.
- Ang Interdistrict Permit ay maaaring para sa mga programang Open Enrollment at Magnet. Hindi ito maaari sa VEEP at PISC.
- Ang aplikasyon sa School Choice para sa Open Enrollment/Magnet Schools ay kailangan mula sa lahat ng mag-aaral na nakatira sa labas ng distrito.
- Ang pagpahintulot ng isang Interdistrict Attendance Permit ay nangangahulugang ang mag-aaral ay may makatwirang dahilan na pumasok sa paaralang nasa loob ng distrito. Subalit, hindi ito isang paniniguro ng pagpapalista sa isang paaralan.

Ang Interdistrict Attendance Permits ay dapat na panibago taon-taon. Ang mag-aaral na nakatira sa labas ng distrito ay hindi kailangan ng aplikasyon sa School Choice taon-taon upang manatili sa paaralan, subalit ang Interdistrict Permit ay kailangang panibago taon-taon. Ang pagpapahayag para sa susunod na antas ng pag-aaral ay hindi makakatiyak (gitna o mataas na paaralan). **Sa pagpapahayag, ang mga mag-aaral na nakatira sa labas ng distrito ay kailangang magbigay ng aplikasiyon sa Open Enrollment o programang Magnet upang matanggap sa bagong paaralan.**

Napakamahalagang malaman na ilang sa mga paaralang distrito ay hindi magagawang tanggapin ang mga nakatira sa labas ng distrito dahil sa puno na ang mga silid-aralan.